Ascension
Providence Rochester
Hospital

Eksibit C

ASCENSION PROVIDENCE ROCHESTER

KALKULASYON NG HALAGANG KARANIWANG SINISINGIL
(AMOUNT GENERALLY BILLED, AGB)
Hulyo 1, 2022

Kinakalkula ng Ascension Providence Rochester Hospital ang dalawang porsiyento ng AGB – isa para sa mga singil sa pasilidad ng ospital at isa para sa bayad sa propesyunal- na parehong gumagamit ng pamamaraang "look-back" at kinabibilangan ng Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong tagaseguro ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa Organisasyon, lahat alinsunod sa IRS Reg. Sec. 1.501(r)-5(b)(3), 1.501(r)-5(b)(3)(ii)(B) at 1.501(r)-5(b)(3)(iii). Inilalarawan sa ibaba ang mga detalye ng mga kalkulasyong iyon at mga porsiyento ng AGB.

Sumusunod ang mga porsiyento ng AGB para sa Ascension Providence Rochester Hospital:

AGB para sa mga gastos sa pasilidad ng ospital: 33.4%
AGB para sa bayaring propesyunal ng mga doktor: 59.9%

Kinakalkula ang mga porsiyentong ito ng AGB sa pamamagitan ng paghati ng suma ng mga halaga ng lahat na claim ng pasilidad ng ospital para sa pang-emergency at iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga na pinahintulutan ng Medicare fee-for-service at lahat ng pribadong tagaseguro ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa pasilidad ng ospital (hiwalay para sa mga singil ng pasilidad at mga serbisyo ng propesyunal) sa suma ng kaugnay na kabuuang singil sa mga claim na iyon. Ang tanging mga claim na magagamit para matukoy ang AGB ay iyong mga pinahintulutan ng isang tagaseguro ng kalusugan sa loob ng 12 buwan bago ang kalkulasyon ng AGB (sa halip na mga claim na kaugnay sa ibinigay na pangangalaga sa loob ng naunang 12 buwan).

Sa kabila ng nabanggit na kalkulasyon ng AGB, pinili ng Ascension Providence Rochester Hospital na maglapat ng mas mababang porsiyento ng AGB tulad ng sumusunod:

AGB: 33.4%